



Ang mga stormwater drain markers ay nagpapaalala sa atin na tayó ay bahagi n gating kapaligiran.



“Auto Dismantlers” At “Parts Recyclers”

Pangalagaan ang Yamang-Tubig sa pamamagitan ng pagpigil ng anumang kontaminasyon

Iwasan ang magtapon

Ang mga salubsob at iba pang nakakalason at mapanganib na kemikals ay kinakailangang iinisin at iligpit kaagad upang maiwasang mapunta sa mga lagusan ng tubig o kanal. Ang mga pamamaraan ng paglilinis ay makikita sa “Material Safety Data Sheet” ng produktong ginagamit.

Sakaling magkaroon ang aksidenteng pagkatapon ng kemikal sa kapaligiran, kaagad tumag sa **Provincial Emergency Program (PEP)** sa **1.800.663.3456**. Sakaling ang kemikal na ito ay medaling nasusunog, nakakalason, o kaya mapanganib, tumawag kaagad sa **Surrey Fire Department** sa **911**.

Ang sinumang may kagagawan ng pagkakatap na kontaminasyon sa stormwater drainage system ay maaaring papanagutin sa environmental legislation:

- Federal Fisheries Act
- BC Hazardous Waste Regulation
- BC Environmental Management Act
- Surrey By-law No. 16610

Inirerekumendang pag-aralang muli ang inyong operasyon base sa “prevention of contamination of soil and/or the drainage systems” at isakatuparan ang “Code of Practice for the Auto Recycling Industry in British Columbia” sa lahat ng mga “Auto Retailers Association of British Columbia”.

Para sa karagdagang kaalaman

Automotive Retailers Association of BC
604.432.7987

RCBC Recycling Hotline
604.732.9253

City of Surrey
Drainage & Environment Section
604.591.4321

Surrey Fire Department
604.543.6760

Metro Vancouver
Source Control
604.436.6777

BC Ministry of Environment
604.582.5200

Kapag may nakitang natapon o itinaapon na kemikal sa mga palagusan, maaaring tumawag sa City of Surrey’s Engineering Department sa **604.590.7226**, pagkaraan ng 4:30pm sa **604.591.4431**.



“Auto Dismantlers” at “Parts Recycler”

Ang mga negosyong tumutubos at sumasagip ng mga iba't-ibang parte ng sasakyan upang maibenta muli ang mga ito, o kaya “buy and sell” upang i-recycle ang mga ito ay nakakapaglikha ng polusyon at dumi.

Ang pagtatanggal-tanggal ng mga parte ng sasakyan ay nakapag labas ng maraming automotive fluids, dumi, at iba pang mapanganib na kemikal gaya nang:

- oil
- grease
- suspended solids
- metals
- fuels
- transmission fluid
- antifreeze
- brake fluid
- refrigerants
- power steering fluid
- mercury switches
- lead acid batteries

Karamihan sa mga materyals na ito ay itinuring “special wastes” ng BC Environmental Management Act at nangangailangan ng espesyal na pag-aasikaso, pag-imbak at pagtatapon. Kapag ang pangangalakal na ito ay gagawin sa isang bukas na lugar, ang mga dumi at kontaminants ay maaaring dadaloy papuntang stormwater drain system. Dagdag pa nito, ang mga madaling masunog na materyals ay maaaring magdulot ng sakuna gaya ng pagsabog kaya kailangang iwasang dadaloy o pupunta ang mga ito anumang stormwater drainage, sewer o tubo.

Ang mga produktong nakalista sa itaas ay nakakalason sa mga isda at iba pang hayop na nabubuhay sa tubig. Mayroong mahigit 1500 km na sapa at daluyan ng tubig ang Surrey. Ang mga sapang ito ay mga importanteng daanang-tubig at tirahan ng mga isda gaya ng salmon, trout, at iba pang hayop na nabubuhay sa tubig.



Mga Pinakamahusay na Pamamaraan

Upang maiwasan na mapunta ang mga dumi at polusyon sa stormwater drainage system at dadaloy ang mga ito sa sapa, ilog at batis. Kasanayang sundin ang mga sumusunod:

- Huwag iimbak ang sasakyan hanggang ang mga langis, baterya, “mercury switches” at iba pa ay natanggal na ditto. Lahat ng materials ay kailangang nasa tamang paglalagyan para sa “recycling” o pagtatapon sa mga aprobadong “disposal o recycling company”.
- Lahat ng anumang klaseng langis ay kokolektahin at patuyuin sa loob ng may atop na gusali.
- Gumamit ng “drip pans” sa pagkolekta ng mga tagos galing sa mga sasakyan at seguraduhing natutuyo ang mga ito.
- Lahat ng parte ng sasakyan na may langis, “solvents” at kemikal na panglinis ay ilagay sa isang “leak proof” na paglalagyan at itago sa isang lugar na may atop.
- Gumamit ng “crusher” na mayroong “fluid collection systems” at ilagay ang mga ito sa ilalim ng mga “drip pans”.
- Huwag hayaang dadaloy ang maruming tubig na galing sa “pressure washer” o “caustic tanks” na matapon sa lupa at dadaloy sa stormwater drainage system. Gamitin ang “wastewater recycling system” o isang aprobadong linya papunta ng “sanitary sewer system”.
- Ang mga pinaglagyan ng “scarp” ay kinakailangang hindi nauulanan at walang butas-butang ang ilalim upang hindi tatagos ang anumang matapon na langis sa sanitary drainage system.
- Huwag magtapon ng anumang kemikals sa “stormwater drains” o kahit man sa lupa.
- Ang mga “stormwater drainage system” sa mga “Auto recyclers” ay kinakailangan maigi ang pagkadesinyo upang hindi gaano karami ang mga stormwater drainage systems na kakailanganin. Lahat ng stormwater drainages ay kailangang konektado sa isang “oil interceptor” at ang “main shut-off valve” ay maaaring naka-install bago pa man kokolektahin ang mga dumi at tagos sa “municipal stormwater drainage system”.
- Tiyaking alam ng mga manggagawa at ng mga mamimili o suki ang kani-kanilang mga tungkulin upang maiwasan ang kontaminasyon sa “stormwater drainage systems”.

Pag-iimbak ng baterya ng sasakyan at mga “Mercury Switches”

- Iimbakin ang mga baterya sa gilid ng bangketa may atop. Pansamantalang itago ang mga may tagos o depektibong baterya sa “polypropylene plastic”. Iwasan ang pag-imbak ng baterya sa pangmahaabaang panahon.
- Palaging suriin ang mga pinag-imbakan ng baterya at seguraduhing walang tagos lalo na sa mga malalamig na panahon.
- Panatilihin may malapit na “neutralizing agent” sa lugar na pinag-imbakan sakaling may pagtagos galing sa mga baterya.
- Itago ang mga “mercury switches” sa mga paglalagyang “leak-proof”.
- Karamihan ng mga aytem o bagay gaya ng “lead acid batteries” at “mercury switches” ay kinokosiderang “special wastes” at nangangailangan ng “special disposal” at naaayon sa Environmental Management Act. Tumawag sa Ministry of Environment para sa pag-iimbak o kaya pagtatapon ng mga ito.

Pag-iimbak ng mga gulong

- Kapagka ang mga gulong ay iniimbak sa labas, kinakailangan takpan ang mga ito ng trapal at mas mabuti kung malapit ito sa lugar kung saan nadoon ang “secondary containment”. Ito ay upang maiwasan ang tubig na maiipon dito at magkaroon ng kontaminasyon sa “stormwater drainage”. Ang mga sirang gulong ay maaaring pamumugaran ng mga lamok at daga at ang mga ito ay nagdudulot ng panganib kapagka may sunog na mangyayari.